

## Background

Ang usok na dulot ng wildfire ay patuloy na nagiging panganib sa mga manggagawa sa Washington. Para maprotektahan ang mga manggagawa, may ipapatupad na bagong Emergency na Panuntunan sa Usok na Dulot ng Wildfire mula Hunyo 15 hanggang Setyembre 29, 2022.

Ang usok na dulot ng wildfire ay binubuo ng mga mapaminsalang kemikal at maliliit na particle sa hangin. Puwedeng magkasakit ang kahit na sino dahil sa usok na ito, pati ang malulusog na indibidwal.

Puwedeng magsanhi ang usok na dulot ng wildfire ng mga hindi malalang sintomas gaya ng:

- Ubo.
- Makating lalamunan.
- Mahapding mata.
- Pananakit ng ulo.

Puwede ring magdulot ang usok ng mga malala at kung minsan ay nakamamatay na epekto sa kalusugan, kasama ang:

- Pananakit ng dibdib at atake sa puso.
- Pag-atake ng hika.
- Problema sa paghinga.

**Puwedeng madalas na magbago ang mga antas ng usok.** Mahalagang malaman kapag umabot ang mga antas ng usok sa punto kung kailan mapanganib na ito. Sa ganoong sitwasyon, kinakailangang magpatupad ng ilang partikular na pamproteksyong pag-iingat para maprotektahan ang mga empleyadong nagtatrabaho sa usok na dulot ng wildfire.

Kasama sa ilang karaniwang online na tool para sa paghahanap ng napapanahong impormasyon sa kalidad na hangin ang:

- **Mapa ng Kalidad ng Hangin** mula sa Departamento ng Ecology ng Estado ng Washington (Washington State Department of Ecology)
- **AirNow.gov** mula sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng U.S.
- **Mga tool ng U.S. Forest Service**, na sumusukat ng particulate matter sa hangin

**Sa pangkalahatan, iniuulat ang impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin sa dalawang paraan:**

- Pinong particulate matter (particulate matter) na tinatawag na PM<sub>2.5</sub>.
- Index ng Kalidad ng Hangin (Air Quality Index, AQI) para sa PM<sub>2.5</sub>. May isinasalang-alang ang AQI na limang pangunahing pollutant ng hangin kasama ang PM<sub>2.5</sub> sa pagsukat nito.

Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang mga threshold kung kailan dapat magsagawa ang mga employer at empleyado ng mga pag-iingat para sa usok na dulot ng wildfire.

PM <sub>2.5</sub> in micrograms bawat cubic meter ( $\mu\text{g}/\text{m}^3$ )	Air Quality Index para sa PM <sub>2.5</sub> (AQI)
20.5 $\mu\text{g}/\text{m}^3$	AQI 69
35.5 $\mu\text{g}/\text{m}^3$	AQI 101
555 $\mu\text{g}/\text{m}^3$	Higit pa sa AQI

**Kung posible, limitahan ang trabaho outdoors kapag mataas ang antas ng usok na dulot ng wildfire.** Kasama sa ilang paraan para maprotektahan ang mga manggagawa mula sa usok na dulot ng wildfire ang:

- Pagbago sa mga iskedyul ng trabaho o paglipat ng trabaho indoors.
- Pagbabawas sa pisikal na intensity ng trabaho o pagbibigay ng mas matagal na pahinga.
- Pagbibigay ng mga respirator.

**Fini-filter ng mga respirator ang hangin para maprotektahan ang mga bata ng manggagawa.** Kapag sakto ang fit ng respirator, lubos na mababawasan ang pagkakalantad ng manggagawa sa usok na dulot ng wildfire. Ang isang karaniwang respirator na isinusuot para maprotektahan ang mga manggagawa ay ang N95.

Hindi sapat ang maibibigay na proteksyon ng mga bandana, scarf, facemask, KN95, o t-shirt na ipinantatapia sa ilong at bibig laban sa usok na dulot ng wildfire.

**Puwedeng magkasakit ang mga tao kapag nagtrabaho sila sa isang lugar na may usok na dulot ng wildfire.** Kailangan ng mga manggagawa na alertuhin ang kanilang employer kung makakaranas sila ng anumang epekto sa kalusugan na sanhi ng pagkakalantad sa usok na dulot ng wildfire. Sa mga malalang sitwasyon, posibleng kailanganin ng mga manggagawa ng agarang medikal na paggamot.

Hindi kailanman pinapayagan ang mga employer na maghiganti sa isang empleyado para sa pag-uulat ng panganib sa kalidad ng hangin, malalang epekto sa kalusugan, o medikal na pagpapagamot para sa isang karamdaman o pinsalang nauugnay sa trabaho.

**Buod ng 2022 Emergency na Panuntunan sa Usok na Dulot ng Wildfire,** Pang-administratibong Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) [296-62-085](https://www.wa.gov/govpub/summary/296-62-085)

Sa pangkalahatan, nalalapat ang emergency na panuntunan sa usok na dulot ng wildfire kapag 20.5  $\mu\text{g}/\text{m}^3$  (AQI 69) pataas ang antas ng usok. Kasama sa ilang pagbubukod ang:

- Mga lugar ng trabaho sa mga kulob na gusali o sasakyan, kung may ipinapatupad na ilang partikular na kontrol.
- Mga empleyadong nalantad nang hindi hihigit sa isang oras ng trabaho bawat araw.

Bilang buod, inaatasan ng panuntunan ang mga sinasaklaw na employer na:

- Magkaroon ng nakasulat na plano ng pagtugon sa usok na dulot ng wildfire.

- Tukuyin ang antas ng pagkakalantad sa usok ng empleyado bago ang trabaho at panapahon sa bawat shift kapag may usok.
- Sanayin ang mga empleyado sa mga panganib na hatid ng usok na dulot ng wildfire.
- Sanayin ang mga supervisor sa kung paano tumugon sa mga isyu sa kalusugan na sanhi ng usok na dulot ng wildfire.
- Ipaalam sa mga empleyado ang tungkol sa mga available na pamproteksyong pag-iingat laban sa usok na dulot ng wildfire.

Kapag umabot ang mga kundisyon ng usok na dulot ng wildfire sa  $35.5 \mu\text{g}/\text{m}^3$  (AQI 101) kasama sa mga karagdagang kinakailangan ang:

- Alertuhin ang mga empleyado tungkol sa mga antas ng usok.
- Magbigay ng mga respirator at isulong ang paggamit ng mga ito.
- Kapag posible, limitahan ang pagkakalantad ng mga empleyado sa usok na dulot ng wildfire.

Kapag  $555 \mu\text{g}/\text{m}^3$  pataas ang antas ng usok, may mga nalalapat na karagdagang kinakailangan sa respirator.

Puwede mong basahin ang kumpletong kinakailangan na dapat sundin ng mga employer sa **Emergency na Panuntunan sa Usok na Dulot ng Wildfire (Emergency Wildfire Smoke Rule), WAC 296-62-085**.

*Makipag-ugnayan sa Departamento ng Paggawa at Mga Industriya (Department of Labor & Industries) ng Estado ng Washington para sa impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng ahensya sa iyong wika sa 1-800-547-8367. Libre ang serbisyonang ito.*

*Kapag hiniling, makakakuha ng mga format para sa mga taong may mga kapansanan. Tumawag sa 1-800-547-8367. Para sa mga gumagamit ng TDD, tumawag sa 711. Ang L&I (Paggawa at Mga Industriya) ay isang employer na nagbibigay ng patas na oportunidad.*